

Polisiya ng Lungsod ng Petaluma para sa Koleksyon at Pagdiskonek ng Serbisyo ng Tubig sa Residensyal dahil sa Hindi Pagbabayad

Ang Polisiyang ito para sa Koleksyon at Pagdiskonekta ng Serbisyo ng Tubig ng Residensyal dahil sa Hindi Pagbabayad (Polisiya) ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa koleksyon ng Lungsod ng Petaluma (Lungsod) sa mga delingkwenteng account, kabilang ang mga abiso, pag-assess sa bayad at pagdiskonekta ng serbisyo para sa mga residente. Ang Polisiyang ito ay naglalayon na sumunod sa SB 998, ang Water Shutoff Protection Act, na isinaayos sa California Health and Safety Code Section 116900 at sumusunod. Ang Polisiyang ito ay magagamit ng publiko sa Departamento ng Pananalapi ng Lungsod na matatagpuan sa City Hall sa 11 English Street in Petaluma, California, o sa website ng Lungsod sa www.cityofpetaluma.org sa loob ng Public Works and Utilities City Department. Kasama sa reference sa Polisiyang ito ang lahat ng bill sa tubig sa Lungsod, mga abiso sa huling bayad, nakasulat na mga abiso sa pagdiskonekta at mga abiso ng terminasyon. Ang mga kawani ng Departamento ng Serbisyon Pangkomersyal ng Lungsod ay maaaring makontak sa pamamagitan ng telepono sa (707) 778-4350 o nang personal sa 11 English Street, Petaluma, California upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagdiskonekta ng serbisyo ng tubig para sa dahil pagbabayad sa ilalim ng mga kundisyon ng Polisiyang ito.

1. Pagbabayad para sa Serbisyo ng Tubig sa Residensyal: Ang lahat ng charges na nararapat bayaran at babayaran sa opisina ng Departamento ng Pananalapi kapag ipinakita ang utility bill at magiging delingkwente tatlung (30) araw pagkatapos ng petsa ng bill. Ang late fee, na itinakda sa Iskedyul ng Rate at Fee, ay ia-apply sa mga delingkwenteng charge.

Sa kahilingan ng kostumer, tatanggalin ng Lungsod ang multa sa late fee sa bawat kasalukuyang taon. Kung ang balanse sa bill ay mas mababa sa \$30, maaari itong dalhin at idagdag sa susunod na pagsingil nang hindi nag-a-assess ng late fee o magkaroon ng karagdagang aksyon sa pagkolekta.

2. Pagdiskonekta sa Takdang Panahon at Mga Paalala: Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa madelingkwente ang account sa loob ng 60 araw. Hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago itigil ang serbisyo ng tubig sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad, makikipag-usap ang Lungsod sa kostumer sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso. Ang nakasulat na Notice of Payment Delinquency at Impending Discontinuation ay ipapadala sa mail sa residenteng kostumer kung saan ibinibigay ang serbisyo.

Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng property kung saan ibinibigay ang serbisyon residensyal, ipapadala rin ang abiso sa address ng property kung saan ibinibigay ang serbisyon residensyal, na naka-address sa “Nakatira.” Kung ang nakasulat na Notice of Payment Delinquency at Impending Discontinuation ay ibinalik sa pamamagitan ng mail bilang undeliverable, at ang Lungsod ay hindi makakontak sa kostumer o sa isang nasa hustong gulang na residente sa pamamagitan ng telepono, ipopost ng Lungsod ang Notice of Payment Delinquency at Impending Discontinuation at ang Polisiyang ito sa delingkwenteng address sa madaling makitang lugar.

Kasama sa nakasulat na Notice of Payment Delinquency at Impending Discontinuation ang:

- Pangalan at address ng kostumer
- Halagang lampas na sa takdang oras
- Petsa kung kailan kinakailangan ang pagbabayad o pagsasaayos ng pagbabayad upang maiwasan ang pagkatigil ng serbisyo.

- Paglalarawan ng proseso upang mag-apply para sa alternatibong kaayusan sa pagbabayad
- Paglalarawan ng proseso upang i-dispute o i-apela ang bill.
- Impormasyon kung paano humiling ng ipinagpaliban na pagbabayad o amortisasyon
- Paglalarawan ng proseso ng pagbabalik ng serbisyo
- Numero ng telepono ng lungsod at access sa nakasulat na Polisiya sa Pagkolekta

Ang abiso ay magbibigay ng mga sumusunod na impormasyon sa mga residente na may indibidwal na mga metro at sa mga nakatira sa multi-unit complex na binibigyan ng serbisyo sa pamamagitan ng master meter:

- Mga Residenteng Nangungupahan/Naninirahan na may Indibidwal na Metro – Na may karapatan silang maging kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, basta handa silang tanggapin ang responsibilidad sa pananalapi para sa kasunod na mga charges sa serbisyo ng tubig sa address na iyon. Upang ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account ay manatiling responsibilidad ng naunang may-ari ng account, ang nangungupahan/naninirahan ay dapat magbigay ng pagpapatunay ng pangungupahan sa form ng rental agreement o katibayan ng mga pagbabayad sa upa.
- Mga Residenteng Nangungupahan/Naninirahan sa Multi-Unit Complex na Binibigyan ng serbisyo sa pamamagitan ng Master Meter – Na may karapatan silang maging kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, basta handa silang tanggapin ang responsibilidad sa pananalapi para sa kasunod na mga charges sa serbisyo ng tubig sa mga address na binibigyan ng serbisyo ng master meter. Kung ang isa o higit pa sa mga naninirahan ay handa at kayang tanggapin ang responsibilidad para sa mga kasunod na charges sa serbisyo ng tubig sa kasiyahan ng Lungsod, o kung may pisikal na paraan, legal na mayroon sa Lungsod, para piliing tapusin ang serbisyo sa mga naninirahan na hindi pa nakakatugon sa mga kinakailangan para sa serbisyo, gagawa ang Lungsod ng mayroong serbisyo para sa mga naninirahan na nakatugon sa mga kinakailangan.

3. Mga Alternatibong Pagsasaayos sa Pagbabayad: Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad kung ang kostumer ay gustong pumasok sa isang Payment Plan. Sinumang kostumer ng tubig na hindi makabayad ng kanilang bill sa takdang petsa ay maaaring humiling ng alternatibo o amortized na plano ng iskediyul ng pagbabayad mula sa Departamento ng Pananalapi sa pamamagitan ng telepono o sa counter ng Departamento ng Serbisyong Komersyal ng Lungsod. Hindi kinakailangan ang anumang dahilan upang humiling ng plano sa pagbabayad, at ang kawani ng Customer Service ay hindi hihiling ng sulat ng doktor o pag-verify ng kita. Hindi maaaring humiling ang kostumer ng karagdagang alternatibong mga pagsasaayos sa pagbabayad ng anumang kasunod na hindi nabayaranang mga charges habang nagbabayad ayon sa Payment Plan.

Habang ang kasunduan at pagsunod sa mga pagbabayad sa Payment Plan ay umiiwas sa pagsasara, ang account ay mananatili sa delingkwenteng katayuan (Kinakailangan ng orihinal na takdang petsa ng pagbabayad) hanggang ang lahat ng mga pagbabayad kabilang ang mga kasalukuyang charges ay nasiyahan.

Ang mga kundisyon sa Payment Plan ay inaalok ayon sa pagpapasya ng Departamento ng Pananalapi ngunit sa pangkalahatan ay nangangailangan ng partial down payment kasama ang balanseng dapat bayaran sa loob ng 60 araw. Ang mga multa sa nahuling bayad ay sususpindihin sa Payment Plan.

4. Huling Abiso ng Pagtangkang Pagdiskonekta ng Serbisyo: Maaaring itigil ang serbisyo sa residensyal nang hindi lalampas sa 5 araw ng negosyo pagkatapos mag-post ang Lungsod ng huling abiso sa pagtangkang pagdiskonekta ng serbisyo sa madaling makitang lugar na pag-aari ng kostumer sa ilalim ng alinman sa dalawang sumusunod na mga pangyayari: 1) Nabigo ang kustomer na sumunod sa mga itinakda ng Payment Plan para sa mga delingkwenteng charge sa loob ng 60 araw o higit pa; o 2) Ang kustomer, habang napapailalim sa Payment Plan para sa delingkwenteng charges, ay hindi nagbabayad ng kasalukuyang charges sa serbisyong residensyal sa loob ng 60 araw o higit pa. Ang mga kustomer na nakatanggap ng Huling Abiso ng Pagtangkang Pagdiskonekta ng Serbisyo ay walang karapatan sa alinmang pagsasaayos ng pagbabayad sa imbestigasyon o pagsusuri ng Lungsod. Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa Sabado, Linggo o legal na holiday.

5. Deadline ng Pagdiskonekta ng Serbisyo: Ang lahat ng mga delingkwenteng charges sa serbisyo at mga kaugnay na fee ay dapat matanggap ng Lungsod sa pagsasara ng negosyo sa araw na tinukoy sa nakasulat na Abiso ng Delingkwenteng Pagbabayad at Nalalapit na Pagdiskonekta. Ang kustomer na hindi makakabayad ng charges sa tinukoy na petsa ay maaaring humiling ng alternatibong pagsasaayos ng pagbabayad gaya ng inilarawan sa Seksyon 3 ng Polisiyang ito. Ang mga kahilingan para sa mga alternatibong pagsasaayos ng pagbabayad ay dapat matanggap at malutas bago ang petsa ng pagsara na tinukoy sa abiso ng pagdiskonekta.

6. Pagkakatiskonekta ng Serbisyo ng Tubig: Idiskonekta ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagsasara o pagpatay ng metro. Sisingilin ang kustomer ng fee sa pagbabalik ng serbisyo kahit na pinatay ang metro, gaya ng napagkasunduan sa Iskedyul ng Rate at Fee. Ang abiso sa pagpapatigil ay magbibigay sa kustomer ng impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo sa residensyal. Ang Lungsod ng Petaluma, o ang mga opisyal, empleyado, o kinatawan nito ay hindi mananagot o responsable para sa anumang pinsala na maaaring magresulta mula sa pagkakatigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ng bill para sa serbisyong ibinigay. Ire-report ng Lungsod ang bilang ng mga taunang pagkakatigil ng serbisyong residensyal para sa kawalan ng kakayahang magbayad sa Website ng Lungsod at sa State Water Resources Control Board.

7. Pagbabalik ng Serbisyo: Ang lahat ng mga delingkwenteng charges at kaugnay na mga fee ay dapat bayaran nang buo, bago ibalik ang serbisyo. Muling ikukonekta ng Lungsod ang serbisyo sa lalong madaling panahon sa sandaling matanggap ang bayad sa lahat ng mga charges na maiiugnay sa pagdidiskonek ng serbisyo. Para sa parehong araw ng pagbabalik ng serbisyo sa mga normal na oras ng trabaho, ang (8:00 ng umaga – 4:30 ng hapon), ang bayad ay dapat matanggap bago mag-3 ng hapon. Ang pagbabalik ng serbisyo pagkatapos ng 4:30 ng hapon sa mga araw ng negosyo ay hihingan ng after-hours fee sa naaangkop na Rate at Iskedyul ng Fee ng Lungsod. Hindi maibabalik ang serbisyo pagkatapos ng mga regular na oras ng negosyo maliban kung naabisuhan ang kustomer ng after-hours fee at binayaran ang lahat ng mga delingkwenteng charges at mga fee na dapat bayaran sa pagsasara ng negosyo sa araw na ibabalik ang serbisyo. Ang serbisyo ng tubig na binuksan ng sinuman maliban sa mga tauhan ng Lungsod ay maaaring mapatawan ng mga multa o karagdagang mga charges o mga fee na itinakda sa naaangkop na Rate at Iskedyul ng Fee ng Lungsod. Anumang pinsalang nagresulta sa hindi awtorisadong pagpapanumbalik ng serbisyo ay responsibilidad ng kustomer.

8. Paunawa sa Disposisyon ng Mga Ibinalik na Bayad: Ang ibinalik na bayad para sa serbisyo ng tubig o iba pang charges ay dapat i-assess ng fee gaya ng tinukoy sa naaangkop na Rate at Iskedyul ng Fee ng Lungsod. Dagdag pa, kapag may ibinalik na bayad sa isang account, ibabalik ang account sa proseso ng

pagkadelingkwensiya ng Lungsod na parang walang ginawang pagtatangkang bayaran ang balanseng dapat bayaran. Ang Lungsod ay gagawa ng makatwiran, walang masamang hangarin ng pagtatangkang ipaalam sa kostumer sa pamamagitan ng paunawa sa pinto, telepono, sulat, o email ng ibinalik na item at ang katayuan ng pagkadelingkwensiya ng account. Maaaring hingin ng Lungsod ang lahat ng mga kabayaran sa darating na panahon sa account na may ibinalik na bayad sa loob ng nakalipas na 12 buwan na gawing cash o may mga sertipikadong pondo.

9. Ibalik na Bayad Dahil sa Dating Pagkadiskonekta ng Serbisyo: Sakaling ang kostumer ay magbigay ng non-negotiable na cheke o hindi maayos na credit card bilang kabayaran sa pagpapabalik ng serbisyo ng tubig na dating nadiskonekta dahil sa hindi pagbabayad at ibinalik ng Lungsod ang serbisyo, maaaring idiskonekta agad ng Lungsod ang serbisyo nang hindi nagbibigay ng karagdagang abiso. Walang abiso ng pagdidiskonek ang ibibigay sa kaso ng non-negotiable na cheke o hindi maayos na credit card na ibinibigay para sa pagbabayad ng mga charges sa tubig dahil sa nadiskonektang serbisyo. Sinumang kostumer na nag-isyu ng non-negotiable na cheke o hindi maayos na credit card bilang bayad sa pagpapabalik ng serbisyo na nadiskonekta para sa hindi pagbabayad ay kailangang magbayad ng cash o mga sertipikadong pondo upang maibalik ang mga pagkakadiskonekta ng serbisyo sa hinaharap sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng ibinalik na bayad.

10. Iba pang mga Remedyo: Bilang karagdagan sa pagtigil ng serbisyo sa tubig, maaaring ituloy ng Lungsod ang anumang iba pang mga remedyo na magagamit sa batas o equity para sa hindi pagbabayad ng mga charges sa serbisyo ng tubig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pag-secure ng mga delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng paghahain ng mga lien sa real property, paghahain ng claim o legal na aksyon, o pag-refer ng hindi nabayarang halaga sa mga koleksyon. Sakaling mapagpasyahan ang legal na aksyon na pabor sa Lungsod, magkakaroon ng karapatan ang Lungsod sa pagbabayad ng lahat ng mga gastos at gastusin, kabilang ang mga bayad sa abogado at naipong interes.

11. Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Iba pang mga Paglabag ng Kostumer: Inilalaan ng Lungsod ang karapatang itigil ang serbisyo ng tubig para sa anumang mga paglabag sa mga ordinansa, tuntunin, o regulasyon ng Lungsod maliban sa hindi pagbabayad sa serbisyo ng tubig na ibinibigay hanggang sa ang mga naturang paglabag ay napasailalim sa pagtigil ng serbisyo ng tubig.

12. Paghiling ng Bill Review o Apela: Kung makikipagtalo ang kostumer tungkol sa bill sa tubig at gamitin ang karapatang i-apela ang desisyon ng Direktor ng Public Works o ng kanyang itinalaga na itigil ang serbisyo ng tubig ng kostumer, hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig para sa hindi pagbabayad habang nakabinbin ang apela.

Upang simulan ang apela, dapat ipaalam ng kostumer sa Lungsod sa pamamagitan ng sulat na ipadadala sa Opisina ng Klerk sa Lungsod ng Petaluma, na matatagpuan sa 11 English Street, Petaluma, California 94952 na nakikipagtalo ang kostumer sa pagkatama ng bill o iba pang aksyon ng Lungsod sa ilalim Polisyang ito at humiling na ang Direktor ng Finance ng Lungsod o ang kanyang itinalaga ay suriin o imbestigahan sa loob ng 15 araw mula sa petsa ng pinagtatalunang bill o anumang inisyal na abiso ng pagkakatigil ng serbisyo. Kung ang kostumer ay naniniwala na ang pagbabayad ay ginawa ngunit hindi naisulat sa kanilang account, kinakailangang magpakita ng resibo, nakanselang tseke o iba pang kasiyasiyang ebidensiya upang patunayan ang pagbabayad at mahanap ng Lungsod ang resibo ng bayad. Kung hindi malutas ng Direktor ng Finance ang pakikipagtalo ng kostumer, aabisuhan ang kostumer sa loob ng 60 araw ng paunawa ng apela ng mga kostumer sa petsa ng apela ng pagdinig sa harap ng opisyal ng pagdinig alinsunod sa Seksyon 1.14.090(B) ng Petaluma Municipal Code.

13. Mga Pagsasalin: Ang mga pagsasalin ng Polisiyang ito sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng California Civil Code ay makukuha sa Departamento ng Finance o website ng Lungsod.

Please visit our office or website for a translation of this Policy.

Visite nuestra oficina o sitio web para obtener una traducción de este política.

如欲获取政策的译文，请访问我们的办公室或网站。

Mangyaring bisitahin ang aming opisina o website para sa isang pagsasalin ng Polisiyang ito.

Vui lòng đến văn phòng hoặc vào trang web của chúng tôi để xem bản dịch của Chính sách này.

이 정책에 대한 번역은 저희 사무실이나 웹 사이트를 방문하십시오.

Lahat ng nakasulat na abiso na ibinigay sa ilalim ng Polisiyang ito ay makukuha sa Departamento ng Lungsod ng Finance sa 11 English Street, Petaluma, California, 94952 o sa website ng Lungsod sa English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anumang iba pang wikang ginagamit ng sampung porsyento (10%) o higit pa ng mga residente sa lugar ng serbisyo.